Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

714

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI NG KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-28 NG ENERO, 2004, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ........ | Kagawad |
| Kgg. Rosalon F. Pamatmat | ........ | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........ | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........ | Kagawad - ABC |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ........ | Kagawad - SK |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | ........ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ........ | Kagawad<br>Nasa lakad opisyal |

KAPASIYAHAN BLG. 034-T'04

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY SANTO ANGEL SUR, BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYON TATLONGDAAN ANIMNAPU'T LIMANG LIBO ISANGDAAN APATNAPU'T WALONG PISO AT LABING TATLONG SENTIMOS (P1,365,148.13)*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 002-T'04, Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 01-T'04 ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Sur na nagpapatibay sa taunang badyet para sa taong 2004 ng nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T,* ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan;

*SAPAGKA'T,* anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sang. Brgy. ng Santo Angel Sur.

*KUNG KAYA'T DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, Angelito U. Limjuco at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong ito ng Barangay Santo Angel Sur, bayang ito, na nagkakahalaga ng P1,365,148.13.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Puno sa Badyet, Pambayang Tagasuri at Sang. Brgy. ng Santo Angel Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. JOHN DOMINGO E. PANGANIBAN
Punong Bayan